Ipinagbawal ng Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, na patayin nang nakakulong ang mga hayop.

Ayon kay Anas, malugod si Allah sa kanya, na nagsabi: "Ipinagbawal ng Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, na patayin nang nakakulong ang mga hayop."
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ipinababatid ni Anas, malugod si Allah sa kanya, na ipinagbawal ng Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, na ikulong ang mga hayop habang ang mga ito ay buhay upang patayin sa pamamagitan ng pagpana o tulad nito hanggang sa mamatay. Ipinagbawal ito ng Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, dahil sa dulot nito na pagpapahirap sa mga hayop.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/8890